

PAMPUBLIKONG PAUNAWA
PANAHOON NG PAGSUSULIT NG MGA KAGAMITAN SA HALALAN

Alinsunod sa [Seksyon 27.0402 ng Kodigo Munisipal ng San Diego](#), Ang mga materyales sa balota para sa halalan sa munisipyo sa Hunyo 2, 2026 para sa Lungsod ng San Diego, ay magiging available para sa pampublikong pagsusuri sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo kasunod ng huling araw ng paghahain ng mga materyales sa balota sa Tanggapan ng Kalihim ng Lungsod. Sa panahon ng pagsusuri, ang sinumang botanteng nakarehistro sa Lungsod ay maaaring humingi ng writ of mandate o isang injunction na nag-aatas na ang alinman o lahat ng materyales sa balota o sample ballot ay amyendahan o burahin. Maaaring tingnan ang mga materyales online sa sandiego.gov/2026elections o sa oras ng negosyo sa Tanggapan ng Kalihim ng Lungsod, 202 C Street, San Diego, CA 92101.

Ang mga sumusunod na panahon ng pampublikong pagsusulit ay natukoy na:

Dokumento	Petsa ng pagsisimula	Petsa ng pagtatapos
Pahayag ng Kandidato ng Kwalipikasyon at Pagtatalaga ng Pangunahing Propesyon, Bokasyon, o Trabaho (o Pagtatalaga ng Pamagat)	Marso 6, 2026	Marso 16, 2026
Mga Ordinansang tumatawag sa halalan at Mga Ordinansang naglalagay ng mga panukala sa balota*	Marso 9, 2026	Marso 19, 2026
Walang kinikilingang pagsusuri ng Abugado ng Lungsod, pamagat at buod ng balota, at Pagsusuri sa pananalapi ng Alkalde/ IBA/Awditor ng Lungsod	Marso 10, 2026	Marso 20, 2026
Mga argumento sa balota	Marso 12, 2026	Marso 22, 2026

**Sa panahon ng paglathala, nakasaad sa seksyon 27.0403(a) ng San Diego Municipal Code na "Ang panahon ng pagsusuri para sa mga ordinansang tumatawag ng anumang regular na naka-iskedyul na halalan sa munisipyo at mga ordinansang naglalagay ng mga panukala sa balota ay magsisimula walumpu't limang araw ng kalendaryo bago ang halalan at magtatapos sa ika-pitumpu't limang araw ng kalendaryo bago ang halalan." Ordinansa 22028*

ay inamyendahan ang seksyong ito upang sabihin na "Ang panahon ng pagsusuri para sa mga ordinansang tumatawag sa anumang regular na naka-iskedyul na halalan ay magsisimula sa susunod na araw ng kalendaryo pagkatapos pagtibayin ng Konseho ang ordinansang tumatawag sa halalang iyon at magtatapos sampung araw ng kalendaryo pagkatapos nito."

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paunawang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Kalihim ng Lungsod [sa cityclerk@sandiego.gov](mailto:cityclerk@sandiego.gov) o (619) 533-4000.